


PAGBUBUOD AT MGA KAYARIAN NG PANGNGALAN

Magandang Araw:


Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahang mabubuod mo ang nabasang teksto at mapag-uuri-uri ang pangngalan ayon sa kayariang payak, maylapi, inuulit at tambalan.



Pagbalik-aralan Mo

- A. Natatandaan mo pa ang pangngalan di ba? Ngayon punan mo ng pangngalan ang mga larawan sa ibaba upang mabuo ang diwa ng pangungusap. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.**

1.




Ang _____ ay lumilipad sa kalawakan.

2.



Ang _____ ay nananahi ng bestidang isusuot ni Fe.

3.



Nagtatanim ng petsay ang mga _____ sa kanilang likod bahay.



4.



Bumili ng _____ ang kanyang ate dahil sa kanyang kaarawan ngayon.

5.



Ang _____ ay naglalaro ng basketball.

Nasa loob ng kahon ang sagot. Tama ka ba? Magaling!

ibon	cake
nanay	mag-ama
mag-aaral	



Pag-aralan Mo

- A. Kapag nakakakita ka ng langgam, ano ang ginagawa mo? Bakit? May alam ka ba tungkol sa kanila? Basahin ang lathalaing nasa ibaba.


Bakit Hindi Naliligaw ang mga Langgam?

(ni Jojo Briones-Cruz)

1. Ang mga langgam, ay kung saan-saan napupunta sa paghahanap ng kanilang makakain. Pero kapag oras na para bumalik sila sa kanilang lungga bumabalik sila sa nakakabilib na diretsong linya.
2. Kung paano sila nakakauwi mula sa pagkuha ng mga pagkain ay palaisipan pa rin sa mga siyentipiko. Ngayon ay ipinahihiwatig ng mananaliksik na German at Swiss na ang aspeto ng gawaing ito ay gawa raw ng matalas at malikhaing pagkilos. Nalaman nila na ang mga langgam kapag



3. Pinag-aralan ng pangkat ni Sandra Wohlgemuth mula sa Humbolt University sa Berlin ang mga langgam sa disyerto ng Sahara at tinuruang maglakad sa itaas at ibaba ng bundok para kumuha ng pagkain.
4. Ipinakikita nito na ang mga langgam ay may kakaibang uri ng odometer na nagtatala sa distansya ng lupa, imbes na ang kabuuang distansiya na nalakbay sa taas-babang terrain.
5. Naniniwala ang mga mananaliksik na ang mga langgam ay posibleng mahulaan ang kanilang gagawing pagkilos sa iniisip nilang pahalang na daanan at pagkatapos naitatala ang distansiya ng lupa patungo sa kanilang lungga sa kapatagan.



Sagutin ang mga tanong na sumusunod batay sa lathalaing binasa mo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Bakit nagpupunta kung saan-saan ang mga langgam?
2. Paano sila bumabalik sa kanilang lungga?
3. Paano pinag-aralan ng mga mananaliksik kung paano nakakauwi ang mga langgam?
4. Ano ang kinalabasan ng pagsasaliksik?
5. Ano ang posibleng nagagawa ng langgam?

Ganito ba ang iyong sagot?

1. Ang mga langgam ay kung saan-saan nagpupunta sa paghahanap ng kanilang makakain.
2. Bumabalik sila sa kanilang lungga sa diretsong linya.
3. Tinuruan nilang maglakad sa itaas at ibaba ng bundok para kumuha ng pagkain.
4. Nalaman nila na ang langgam, kapag pinawalan sa patag na lupa ay naghahanap ng pagkain sa pinakamalapit na distansya mula sa lungga. Ipinakikita nito na ang langgam ay may kakaibang uri ng odometer na nagtatala sa distansya ng lupa.



5. Ang mga langgam ay posibleng makahula sa kanilang gagawing pagkilos sa iniisip nilang pahalang na daan at naitatala ang kanilang posisyon tungo sa kanilang lungga sa kapatagan.

Wasto ba ang iyong sagot? Magaling!

Balikan natin ang lathalain. Bigyan pansin ang bilang na nakasulat sa unahan ng mga talata.

Paano mo paiikliin ang talata 1?

Ganito ba ang iyong sagot?

Ang langgam ay pumunta kung saan-saan at nakababalik sa lungga sa diretsong linya

Paano mo paiikliin ang talata 2:

Ganito rin ba ang sagot?

Ang kanilang pag-uwi sa lungga ay gawa raw ng matalas at malikhaing pagkilos.

Paano mo paiikliin ang talata 3:

Magkatulad ba tayo nang sagot?

Pinag-aralan ang mga langgam na tinuruang maglakad sa itaas at ibaba ng bundok.

Mapaiikli mo ba ang talata? Paano mo ito ginawa? Nakuha mo ba ang pangunahing kaisipan ng talata? Kung nagawa mo ang mga gawain, binabati kita! Siguradong nakilala mo ang pangunahing diwa ng talata.



Isaisip Mo

Ang bawat talata ng sanaysay o kuwento ay maaaring mapaikli o mabigyan ng buod, sapagkat ang buod nito ay ang kabuuang nilalaman ng iyong binasa. Nagsasaad ito ng pangunahing ideya ng talata.

O, kaya mo na bang magbigay ng buod ng talata sa seleksyon? Balikan mong muli ang iyong binasa. Isulat mo sa sagutang papel ang buod ng:

talata 4: _____
_____.

talata 5: _____
_____.

Ganito ba ang iyong sagot?

talata 4: Ang langgam ay may odometer na nagtatala sa distansiya ng lupa.

talata 5: Posibleng mahulaan ng langgam ang kanilang gagawing pagkilos sa iniisip nilang pahalang na daanan.

B. Pag-aralan mo at suriin ang mga pangngalang nakasulat sa tsart .

A	B	C	D
langgam lungga lina siyentipiko	kalupaan kapatagan makakain tauhan	batang-bata anak-anakan tau-tauhan gula-gulanit	batang-kalye anak-araw hanapbuhay hatinggabi

Anong anyo ng pangngalan ang nasa HANAY A? sa HANAY B? HANAY C? sa HANAY D?

Ang mga salitang makikita sa Hanay A ay mga salitang-ugat lamang at walang kasamang ibang salita. Ang mga ito ay tinatawag na payak na pangngalan.

Halimbawa: patag



Ang mga salita naman sa Hanay B ay nabuo sa pamamagitan ng pagdugtong ng salitang-ugat at panlapi. Ang mga ganitong kayarian ng pangngalan ay tinatawag ng maylapi.

Halimbawa: ka + lupa + an = kalupaan

ka + patag + ang = kapatagan

Tinatawag namang inuulit ang kayarian ng pangngalan sa Hanay C. Mapapansin na ang mga ito ay nabuo sa pamamagitan ng pag-uulit ng buong salitang-ugat o ganap na inuulit.

Halimbawa:

buo-buo

baku-bako

sama-sama

tuhug-tuhog

kanya-kanya

isa-isa

May mga pangngalang, inuulit ngunit maaaring di ganap ang pag-uulit. Di ganap ang pag-uulit kung bahagi lamang ng salita ang nauulit.

Halimbawa:

pali-paligid

pira-piraso

baha-bahagi

kasa-kasama

makiput-kipot

madilim-dilim

Ang mga salitang nasa Hanay D ay tinatawag na tambalan. Binubuo ito ng dalawang magkaibang salitang pinagsama o pinag-isa. Ang dalawang salitang pinagtambal ay maaaring mapanatili ang kahulugan ng bawat salita.

Halimbawa:

batang-kalye (batang laging nakikita sa kalye)

taong-bundok (taong nakatira sa bundok)

May mga dalawang salitang pinagtambal na parehong may ibang kahulugan at nang pinagsama ay nakabuo ng bagong kahulugan.

Halimbawa:

anak-araw

balat-sibuyas

buhay-alamang

kapit-tuko



Pagsanayan Mo

A. Pag-aralan mo ang mga sumusunod na talatang bumubuo sa isang talambuhay. Sa mga kasunod na mga pangungusap na may titik ay piliin mo ang katumbas ng buod. Isulat ang bilang at katumbas na titik sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Itinuring ng ating kasaysayan bilang “Tunay na Bayani ng Masa.” Maraming taguri kay Andres Bonifacio. Tinatawag siyang “Ang Dakilang Mahirap.” Nakikilala na siya bilang “Ama ng Katipunan” at “Ama ng Demokrasyang Pilipino.
- _____ 2. Isinilang si Andres Bonifacio sa Tondo, Maynila noong Nobyembre 30, 1863. Maralita ang angkang kanyang pinagmulan. Maaga siyang naulila. Labing-apat na taong gulang siya nang mapaatang sa kanyang balikat ang pangangalaga sa lima niyang kapatid.
- _____ 3. Gumawa siya ng mga baston, tungkod at pamaypay na naging mabili sa mga nakaririwasang angkan at maging sa mga Español. Nagtrabaho siya bilang mensahero sa istasyon ng tren sa Tutuban at isa ring bodegero. Upang maragdagan ang kanilang pang-araw-araw na panustos, nagtitinda siya at nag-aahente ng iba’t-ibang paninda at produkto.
- _____ 4. Hindi siya nagkapalad na makapag-aral at makatungtong ng kolehiyo. Gayunpaman, buong tiyaga niyang binasa ang ilang mga aklat pangkaisipan. Ilan sa mga ito ang History of the French Revolution at ang Noli at Fili ni Rizal.
- _____ 5. Noong gabi ng Hulyo 17, 1892, itinatag ni Bonifacio ang isang makabayang samahan. Tinawag niya itong KKK sagisag ng Kataastaasan, Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan . Layunin nito na mapalaya ang mga Pilipino sa mapaniil na pananakop ng mga Español.
 - a. Mga gawaing ginampanan at trabahong pinasukan ni Bonifacio
 - b. Ang pagkakatatag ng samahang katipunan
 - c. Kapanganakan at Kabataan ng Dakilang Maralita
 - d. Mga taguri kay Andres Bonifacio
 - e. Mga akdang binasa ni Bonifacio



Ganito ba ang iyong sagot? Magaling!

1. d
2. c
3. a
4. e
5. b

B. Uriin ang mga kayarian ng bawat pangngalan. Isulat ang \triangle - kung payak
 \star - kung maylapi \square - kung inuulit at \circ - kung tambalan.
Isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. pag-ulan
2. parke
3. residente
4. tabing-ilog
5. kabi-kabila
6. kalye
7. dapit-hapon
8. kwentuhan
9. palaruan
10. dagsa-dagsa

Nasa kahon ang sagot. Tama ka ba? Mahusay kang bata.

1. \star	6. \triangle
2. \triangle	7. \circ
3. \triangle	8. \star
4. \circ	9. \star
5. \square	10. \square

C. Uriin ang bawat pangngalan. Isulat ang bawat salita sa tamang hanay sa talahanayan sa ibaba.

- | | |
|------------------|---------------|
| 1. bulaklak | 6. ari-arian |
| 2. madaling-araw | 7. matanda |
| 3. pampang | 8. nakatira |
| 4. pagtulong | 9. tubig |
| 5. pagbaha | 10. agam-agam |


Payak	Maylapi	Inuulit	Tambalan



Ganito ba ang sagot mo?

Ang bulaklak, tubig, pampang ay payak na pangngalan.
Ang pagtulong, pagbaha, matanda, nakatira ay mga pangngalang maylapi.
Ang ari-arian, agam-agam ang mga inuulit na tambalang pangngalan.


Tama ka. Natutuwa ako at nakuha mo ang aralin natin ngayon.



A. Malinaw na ba sa iyo ang aralin? Subukin mong muli ang pagsasanay na ito. Pangkatin mo ang mga sumusunod na salita ayon sa kanilang kayariang payak, maylapi, inuulit, o tambalan sa larawan sa ibaba, ihanay mo ang mga ito.

minahal
kuru-kuro
guniguni
bahay-kubo
ina

anakpawis
ulap
ama-amahan
laruan
bukang-liwayway





Ang tumpak na kasagutan ay ganito...

- Payak - ina, ulap, guniguni
- Maylapi - minahal, laruan
- Inuulit - kuru-kuro, ama-amahan
- Tambalan - bahay-kubo, anak-pawis, buwang liwayway

B. Basahin mo ang talata. isulat mo sa iyong sagutang papel ang titik ng tamang buod nito.

1. Isang umaga, dinala ni Bb. Lopez ang kanyang mga mag-aaral sa isang “dairy farm”. Ginamit nila ang sasakyan ng paaralan at nanatili sila roon hanggang tanghali. Nagdala ang mga bata ng kanilang baon at binigyan naman sila ng libreng gatas sa “dairy farm”.
 - a. Nagdala ang mga bata ng baon at binigyan sila ng libreng gatas.
 - b. Dumalaw ang mga mag-aaral sa isang Dairy Farm at nabigyan sila ng libreng gatas.
 - c. Si Bb. Lopez at kanyang mga mag-aaral ay namasyal.

Binabati kita! Matagumpay mong natapos ang modyul na ito.